Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-14 NG PEBRERO, 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. GILBERT T. GATCHALIAN | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NOEL G. PINEDA | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. ALMA A. GATCHALIAN | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. YOLANDA B. AZADA | " |
| KGG. CHRISTIAN P.C. BAUTISTA | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. BERNARDO B. OPLE, JR. | Kasangguni |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 13-2019

ISANG KAPASIYAHAN MULA SA BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD - KGG. GILBERT T. GATCHALIAN AT NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD - ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD NA MAGALANG NA HUMIHILING SA TANGGAPAN NG PAMBANSANG PULISYA NG PILIPINAS (PNP) SA PAMUMUNO NI PNP CHIEF DIRECTOR GENERAL OSCAR ALBAYALDE NA MAPAGKALOOBAN ANG TANGGAPAN NG PANLUNGSOD NA HIMPILAN NG PULISYA NG MALOLOS NG KARAGDAGANG KAPULISAN.

AKDA NG: BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS
ITINAGUYOD NI: KGG. ENRICO C. CAPULE

SAPAGKAT, itinatadhana ng Seksyon 16 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagtataguyod at pangangalaga ng kaligtasan at layunin na panatilihin ang kaginhawahan ng mga mamamayan nito;

SAPAGKAT, batay na rin sa Seksyon 458 ng nabanggit na Kodigo ay tungkulin ng Sangguniang Panlungsod ang pagpapatibay ng mga ordinansa at paggawa ng mga kapasiyahang kinakailangan para sa mabisang pamamahala sa lungsod kabilang dito ang paggawa ng hakbang upang mapangalagaan ang kapaligiran at kapakanan ng mga mamamayan ng lungsod;

SAPAGKAT, ang Lunsod ng Malolos and siyang capital o kabisera at sentro ng kalakalan ng Lalawigan ng Bulacan at kinikilala bilang *"Premiere Heritage City of Bulacan" na* dinarayo na rin ng maraming turista mula sa karatig probinsiya at karatig bansa;

SAPAGKAT, sa kasalukuyang hanay ng kapulisan sa Lungsod ng Malolos ay sadyang kulang upang magampanan ang mabigat na tungkulin nito;

Kung kaya't sa mungkahi ni Kgg. Enrico C. Capule na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya na makagawa ng isang kahilingan mula sa bumubuo ng Sangguniang Panlungsod sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod - Kgg. Gilbert T. Gatchalian at ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod - Abgdo. Christian D. Natividad sa Tanggapan ng Pambansang Pulisya ng Pilipinas (PNP) sa pamumuno ni PNP Chief Director General Oscar Albayalde na mapagkalooban ang Tanggapan ng Panlungsod na Himpilan ng Pulisya ng Malolos ng karagdagang kapulisan.

PINAGTIBAY.

| | |
|---|---|
| **KGG. FRANCISCO J. CASTRO**<br>KASANGGUNI | **KGG. NOEL G. PINEDA**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. EMMANUEL R. SACAY**<br>KASANGGUNI | **KGG. ALMA A. GATCHALIAN**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. ENRICO C. CAPULE**<br>KASANGGUNI | **KGG. MICHAEL M. AQUINO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**<br>KASANGGUNI | **KGG. YOLANDA B. AZADA**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. BERNARDO B. OPLE, JR.**<br>KASANGGUNI | **KGG. CHRISTIAN P.C. BAUTISTA**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. DIONISIO C. MENDOZA**<br>KASANGGUNI - ABC President | **KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**<br>KASANGGUNI - SK President |

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer III**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**INH. GILBERT T. GATCHALIAN**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo
**wala sa panahon na pinagtibay ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod

*DhorieTrogo(SDC2)*021419